



The Spanish Group LLC
1 Park Plaza, Suite 600
Irvine, CA 92614
United States of America
<https://www.thespanishgroup.org>

Certified Translation

Furnished on the **17th** day of **January, 2020**

I, **Jo-ann Saniel** (*JSaniel*), hereby certify that I translated the attached document from English into Filipino or Filipino into English and that this translation is an accurate and faithful translation of the original document. Furthermore, I certify that I am proficient in translating both Filipino and English and that I hold the capacity to render and certify the validity of such a translation. This document has not been translated for a family member, friend, or business associate.

I, Salvador G. Ordorica, as a Quality Assurance Agent of The Spanish Group LLC, hereby attest that the aforementioned translator is a proficient Filipino -English translator. Accordingly, as an authorized representative of The Spanish Group, I verify that I have proofread this document and I certify that the attached document is a faithful and authentic translation of its original.

Respectfully,



Salvador G. Ordorica
The Spanish Group LLC
(ATA #267262)

The Spanish Group LLC verifies the credentials and/or competency of its translators and the present certification, as well as any attached pages, serves to affirm that the document(s) enumerated above has/have been translated as accurately as possible from its/their original(s). The Spanish Group LLC does not attest that the original document(s) is/are accurate, legitimate, or has/have not been falsified. Through having accepted the terms and conditions set forth in order to contract The Spanish Group LLC's services, and/or through presenting this certificate, the client releases, waives, discharges and relinquishes the right to present any legal claim(s) against The Spanish Group LLC. Consequently, The Spanish Group LLC cannot be held liable for any loss or damage suffered by the Client(s) or any other party either during, after, or arising from the use of The Spanish Group LLC's services.

Kabanata 6.05, MGA PAMAMARAAN NG PAGSINGIL SA KOSTUMER

6.05.010 Magtatag ng mga rate at singilin.

Ang lupon ng mga direktor paminsan-minsan, sa pamamagitan ng resolusyon, ay magtatatag ng mga rate at singilin para sa tubig at iba pang serbisyo na ibinibigay ng Hi-Desert Water District.

6.05.020 Mga Singilin.

Ang nakapirming buwanang singilin ay magsisimula kapag naikabit na ang koneksyon ng serbisyo sa tubig.

6.05.030 Pananagutan sa nagamit na tubig.

Ang kostumer ay mananagot sa nagamit na tubig hanggang sa maipalam sa distrito nang pasulat na itigil ang serbisyo o ilipat ang account sa iba pang account.

6.05.040 Mga lien para sa mga di-nabayaranang bayarin.

Ang lahat ng mga di-nabayaranang bayarin na nasa pangalan ng may-ari ng ari-arian ay gagawing lien laban sa ari-arian alinsunod sa mga tuntuning ito, sa mga regulasyon at sa California Water Code Seksyon 31701.5, at sumusunod dito.

6.05.050 Pananagutan ng Account.

Ang indibidwal na humuling ng serbisyo ay mananatiling responsable para sa lahat ng mga utang na singilin sa distrito.

6.05.060 Panahon ng pagsingil.

Ang regular na panahon ng pagsingil ay desisyon ng distrito.

6.05.070 Singilin ng hiwalay na mga metro na di-pinagsama.

Ang hiwalay na mga bayarin ay ibibigay para sa bawat pagkabit ng metro. Ang distrito ay maaaring, sa sarili nitong kaginhawaan, isaalang-alang na ang bawat rehistro ng mga pinagsamang metro bilang hiwalay na serbisyo at singilin ang bawat isa gaya ng ibinigay dito.

6.05.080 Panimula at pangwakas na mga bayarin.

Ang mga panimula at pangwakas na mga bayarin na mas mababa sa normal na panahon ng pagsingil ay gagawing pro-rated. Ang mga pangwakas na bayarin ay maaaring estimahin ng distrito para sa pangwakas na panahon upang mapabilis ang pagbayad ng kostumer ng pangwakas na bayarin sa panahon na ititigil na ang serbisyo.

6.05.090 Pagbabayad ng mga bayarin.

Ang mga bayarin para sa mga nakametrong serbisyo ng tubig ay dapat ibigay sa pagtatapos ng bawat panahon ng pagsingil at dapat bayaran kapag ipinrisinta. Kung ang buong bayad ay hindi matanggap sa tanggapan ng negosyo ng distrito sa o bago ang huling petsa ng pagbabayad na nakasaad sa bayarin, ang bayarin ay magiging lampas na sa panahon ng pagbabayad at magiging delingkwente at ang isang delingkwenteng singilin ay ilalapat sa halagang itatag ng resolusyon ng lupon at binabago sa panahon.

6.05.095 Mga pagsasaayos ng pagbabayad para sa mga kostumer na nakatira sa tirahan.

Kung ang isang kostumer na residente ng tirahan ay hindi makabayad ng isang bayarin sa panahon ng normal na panahon ng pagbabayad, ang kostumer ay maaaring humiling ng isang pagpapalawig o iba pang alternatibong pag-aayos ng pagbabayad sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga kawani ng serbisyo sa customer ng distrito nang pasulat, gamit ang telepono, o personal sa mga regular na oras ng negosyo. Ang mga pagpapasya tungkol sa mga pagpapalawig o iba pang mga kaayusan sa pagbabayad ay nasa pagpapasya ng distrito, at maaaring ibatay sa anumang nauugnay na impormasyon, kasama ang nakaraang kasaysayan ng pagbabayad.

Ang kostumer ay dapat sumunod sa mga termino ng anumang alternatibong pag-aayos ng pagbabayad at mananatiling nagbabayad para sa mga singilin na naipon sa bawat kasunod na panahon ng pagsingil. Ang kostumer ay hindi maaaring humiling ng isa pang alternatibong pag-aayos ng pagbabayad ng anumang kasunod na di-nabayarang mga singilin habang nagbabayad ng mga singilin alinsunod sa isang alternatibong pag-aayos ng pagbabayad. Ang kabiguang sumunod sa mga tuntunin ng isang alternatibong pag-aayos ng pagbabayad nang hindi bababa sa 60 araw, kabilang ang pagbabayad ng kasalukuyang mga singilin, ay maaaring magresulta sa pagpapatigil ng serbisyo sa tubig pagkatapos ng pagpaskil ng distrito ng isang pangwakas na abiso ng layuning putulin ang serbisyo sa address ng serbisyo ng hindi bababa sa 48 oras bago itigil ang serbisyo. Ang pangwakas na abiso ay hindi magbibigay sa kostumer ng anumang imbestigasyon o pagsusuri ng distrito.

6.05.100 Mga abiso ng pag-shut-off para sa lahat ng mga kostumer.

Ang isang abiso ng pag-shut-off ay ipapadala sa lahat ng mga kostumer na may delingkwenteng account, babala na ang serbisyo ay ititigil kung hindi makapagbayad sa loob ng 60 na araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pagiging delingkwente. Ang abiso ay ipapadala nang hindi bababa sa 15 na araw bago itigil ang serbisyo at dapat ipahiwatig ang halaga na babayaran, kabilang ang mga singilin sa pagiging delingkwente, at ang kabuuang halaga, na kailangang bayaran.

Kung ang address ng koreo at address ng ari-arian na kung saan ibinibigay ang serbisyo ng tubig ay magkaiba, isang pangalawang abiso na nakapangalan sa "nakatira" ay ipapadala sa address ng serbisyo ng hindi bababa sa labinglimang (15) araw bago itigil ang serbisyo ng tubig para sa di-pagbabayad. Ang nakasulat na abiso sa pagpapatigil at abiso sa nakatira ay maaaring kasama ang sumusunod na impormasyon:

- Pangalan at address ng kostumer
- Halagang hindi pa nababayaran
- Ang petsa kung kailan dapat makapagbayad o makagawa ng kasunduan sa pagbayad ay kailangan upang mapigilan ang pagtigil na serbisyo;
- Paglalarawan sa proseso ng pag-aplay para sa isang pag-aayos ng pagbabayad
- Paglalarawan sa proseso ng pagtatalo o pag-apela ng isang bayarin
- Ang paglalarawan ng pamamaraan upang makakuha ang kostumer ng impormasyon tungkol sa tulong pinansyal, kung naaangkop
- Ang numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang kostumer ng kasunduan sa pagbayad o makatanggap ng karagdagang impormasyon mula sa distrito
- Mga link sa web para sa mga patakaran at bayarin sa distrito.

6.05.105 Karagdagang mga abiso para sa mga kostumer ng tirahan at residente.

Bilang karagdagan sa abiso sa mga kostumer na kinakailangan sa Seksyon 6.05.100, hindi bababa sa 10 araw ng kalendaryo bago putulin ang serbisyo sa tubig ng tirahan, ang distrito ay magbibigay din ng nakasulat na paunawa sa mga naninirahan ng mga indibidwal na naka-metrong mga tirahan ng isahang pamilyan, maramihang gusaling tirahan, mga parke ng mobile home, o permanenteng istruktura ng tirahan sa isang kampo ng paggawa kung saan ang may-ari, tagapamahala, o operator ay ang kostumer na nakatala. Para sa mga gusaling tirahan na may master-meter, ang distrito ay makakagawa rin ng isang pagsisikap na paniniwala na magbigay ng nakasulat na mga abiso sa aktwal na mga naninirahan ng hindi bababa sa 10 na araw ng kalendaryo bago ipatigil ang serbisyo. Ang mga abiso sa mga naninirahan ay magpapaalam sa mga nakatira na may karapatan silang maging mga kostumer ng distrito nang hindi kinakailangang magbayad ng anumang halaga na kailangang bayaran sa delingkwenteng account.

Ang distrito ay gagawa rin ng isang pagsisikap upang makipag-ugnayan sa kostumer na nakatala o sa nakatatandang taong naninirahan sa address ng kostumer nang harapan o sa pamamagitan ng telepono nang hindi bababa sa pitong (7) araw ng kalendaryo bago itigil ang serbisyo.

Kung ang distrito ay nabigong makipag-ugnayan sa kostumer o sa nakatatandang taong naninirahan sa address ng serbisyo nang personal o sa pamamagitan ng telepono, ang distrito ay gagawa ng pagsisikap upang mag-iwan ng abiso tungkol sa nalalapit na pagpapatigil ng serbisyo sa tirahan ng serbisyo (hal. sa anyo ng isang door hanger) at ang isang kopya ng patakarang sa pagpapatigil ng serbisyo sa isang kapuna-punang lugar sa address ng serbisyo. Ang abiso at patakaran ay iiwan sa tirahan nang hindi bababa sa apatnapu't walong (48) oras bago itigil ang serbisyo. Ang distrito ay hindi mananagot para sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan na hindi napanatiling napapanahon ng kostumer.

6.05.110 Pamamaraan upang maging kostumer ang mga nangungupahan sa tirahan.

Nalalapat ang seksyong ito kapag ang may-ari ng ari-arian, landlord, tagapamahala, o operator ng isang tirahan ay nakalista bilang kostumer sa talaan at nabigyan ng isang abiso ng layunin na itigil ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad. Ibibigay ng distrito ang serbisyo sa mga aktwal na residente naninirahan kung ang bawat naninirahan ay sasang-ayon sa mga termino at kundisyon ng serbisyo at natugunan ang mga kinakailangan ng mga patakaran at regulasyon ng distrito. Sa kabila nito, kung ang isa o higit pa sa mga naninirahan ay handa at kayang gampanan ang responsibilidad para sa kasunod na mga singilin sa account sa kasiyahan ng distrito, o kung may pisikal na paraan na piliin ang mga ititigil na serbisyo sa mga naninirahan na hindi nakamit ang mga kinakailangan ng mga patakaran at regulasyon ng distrito, ang distrito ay magbibigay serbisyo sa mga naninirahang nakamit ang mga kinakailangang ito.

Upang maging karapat-dapat na maging kostumer nang hindi binabayaran ang halaga sa delingkwenteng account, dapat masiguro ng naninirahan na ang delingkwenteng kostumer ay o ang dating landlord, tagapamahala, o ahente ng tirahan. Sa pagpapasya ng distrito, ang pagpapatunay ay maaaring kasama ang isang kasunduan sa pag-upa o pagrenta, mga resibo sa pagrenta, o isang dokumento ng gobyerno na nagpapahiwatig na ang naninirahan ay umuupa ng ari-arian.

Kung ang naunang serbisyo para sa isang tukoy na panahon ay isang kondisyon para sa pagtaguyod ng kredito sa distrito, ang paninirahan at katibayan ng agarang pagbabayad ng upa para sa panahong iyon ay isang sapat na katumbas.

6.05.120 Pagtanggap sa pagiging delingkwente.

Maaaring tanggalin ng distrito ang isang pagiging delingkwente taun-taon mula sa talaan ng anumang account kapag hiniling ng kostumer.

6.05.130 Pagdedemanda.

Ang lahat ng mga hindi bayad na mga rate at singilin at mga multang ibinigay dito ay maaaring makolekta sa pamamagitan ng pagdedemanda.

6.05.140 Mga gastusin.

Ang Defendant ay magbabayad ng lahat ng mga gastusin sa demanda sa anumang paghatol na ibinigay sa pabor ng distrito, kabilang ang mga makatwirang bayad sa abugado.

6.05.150 Sa pag-alis sa tirahan.

Ang mga kostumer na nagnanais na itigil ang serbisyo ay dapat na ipaalam sa distrito nang pasulat ng dalawang araw bago ang pag-alis sa tirahan. Maliban kung iniutos ang pagpapatigil ng serbisyo, ang kostumer ay mananagot para sa patuloy na singilin, ginagamit man o hindi ang anumang tubig, hanggang sa oras ng hiniling ang pagpapahinto ng serbisyo.

Chapter 6.10, MGA BAYARIN AT SINGILIN – PANGKALAHATAN

6.10.100 Singilin para sa di sapat na pondo ng tseke.
ng isang bayarin ay sisingilin para sa bawat tseke na bumalik mula sa bangko para sa kakulangan ng sapat na pondo.

6.10.105 Abiso ng Disposisyon ng Ibalik na Tseke o Pagbabayad Gamit Ang Credit Card.
Kapag natanggap ang isang ibalik na bayad, maging tseke man o credit card, na kinuha bilang bayad ng serbisyo sa tubig o iba pang mga singilin, isasaalang-alang ng distrito na hindi nabayaran ang account at ang halaga ng naibalik na pagbabayad ay ituturing na delingkwente. Ang distrito ay gagawa ng isang makatwirang pagsisikap upang ipaalam sa kostumer ang tungkol sa naibalik na bayad.

Ang lahat ng mga halagang binayaran upang tubusin ang isang bumalik na tseke o pagbayad sa credit card at mabayaran ang bayarin para sa naibalik na singilin ay dapat na mabayaran sa ibang paraan kaysa sa orihinal na ibalik na pagbabayad. Ang mga account na nabayaran bago ang takdang petsa na sa kalaunan ay ibalik na hindi nabayaran ay sisingilin ng bayarin sa serbisyo sa delingkwenteng account na parang hindi natanggap ang ibalik na pagbayad.

Chapter 6.35, MGA REKLAMO AT PINAGTATALUNANG BAYARIN

6.35.010 Karapatang magkita.

Kung ang isang kostumer ay may reklamo tungkol sa serbisyo sa tubig, ang mga panuntunan sa distrito, regulasyon, resolusyon, o mga ordenansa, o pagtatalo sa kawastuhan ng isang bayarin para sa serbisyo ng tubig o iba pang mga singilin, para sa anumang kadahilanan, ang kostumer ay may karapatang makipagkita sa pangkalahatang tagapamahala, o sa kanyang kinatawan, upang talakayin ang hindi pagkakaunawaan at ipakita ang anumang katibayan na mayroon ang kostumer upang suportahan ang kanilang posisyon.

6.35.020 Pormal na mga pagtatalo o reklamo.

Kung hindi malutas ng kostumer at ng pangkalahatang tagapamahala ang isang di-pagkakaunawaan o kung nais mang magsumite ng isang pormal na reklamo, ang kostumer ay maaaring magsumite ng isang reklamo nang pasulat, kasama ang isang buo at detalyadong paliwanag sa loob ng labinlimang (15) araw ng pagpapadala ng pinagtatalunang bayarin. Ang isang napapanahong pagtatalo o reklamo ay susuriin ng pangkalahatang tagapamahala o ng kanyang kinatawan, na magbibigay ng nakasulat na pagpapasiya sa kostumer. Kasama sa pagsusuri ang pagsasaalang-alang kung ang kostumer ay maaaring makatanggap ng isang pagpapalawig, amortisasyon o iba pang pag-aayos ng pagbabayad. Habang isinasagawa ang pagsisiyasat ng isang pinagtatalunang bayarin, ang kostumer ay kailangang magbayad ng halagang katumbas ng isang karaniwang halaga para sa haba ng panahon na iyon.

6.35.030 Apela sa lupon ng mga direktor.

Ang sinumang kostumer na ang napapanahong pagtatalo o reklamo ay nagresulta sa taliwas na determinasyon ay maaaring i-apela ang pasya sa lupon ng mga direktor sa pamamagitan ng pagsumite ng isang nakasulat na apela sa sekretarya ng lupon sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo ng pagpapadala sa paunang pagpapasiya ng distrito. Sa pagtanggap ng apela, ang sekretarya ng lupon ay mag-iiskedyul na madinig ang apela sa isang paparating na pulong ng lupon at padadalhan ang kostumer ng nakasulat na abiso ng oras at lugar ng pulong nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pulong. Ang kostumer ay maaaring magpakita sa lupon upang iharap ang reklamo at anumang katibayan na sumusuporta sa kanyang posisyon at humiling ng isang desisyon ng lupon.

6.35.040 Mga pag-antala sa pagkilos.

Ang lupon ay dapat kumilos kaagad upang malutas ang pagtatalo, ngunit maaaring ipagliban ang isang resolusyon ng pagtatalo sa isang pulong sa hinaharap upang masiyasat o makatanggap ng mga espesyal na ulat na may kaugnayan sa pagtatalo.

6.35.050 Desisyon ng lupon.

Ang desisyon ng lupon ng mga direktor ay pinal. Kung ang lupon ay hindi magbigay ng desisyon sa loob ng 60 na araw ng aplikasyon sa lupon, ang kabiguang ito upang kumilos ay dapat ituring na pagtanggap sa hiniling na pagkilos, maliban kung ang lupon ay nagkasundong palawigin ang panahon ng paglutas.

6.35.060 Pagpapatigil ng serbisyo.

Kapag inireklamo ng kostumer ang bayarin sa tubig o ginamit ang kanilang karapatang umapela, hindi puputulin ng distrito ang serbisyo sa tubig dahil sa di-pagbabayad habang nakabinbin pa ang reklamo o apela.

6.35.070 Pagsasaayos para sa mga kamalian sa mabilis na metro.

Kung ang isang metro na sinubok sa kahilingan ng isang kostumer ay natagpuan na higit sa pinahihintulutan ng distrito, ang labis na singilin para sa panahon na ibinigay ang serbisyo sa kostumer na humihiling sa pagsubok, o sa loob ng anim na buwan, alinman ang mas maikli, ay ibabalik (refund) sa kostumer.

6.35.080 Pagsasaayos para sa mga kamalian sa mabagal na metro.

Kung ang isang metro na sinubok sa kahilingan ng isang kostumer ay natagpuan na mababa sa pinahihintulutan ng distrito, maaaring singilin ng distrito ang kostumer para sa halaga ng kulang na singilin batay sa naayos na pagbabasa ng metro para sa panahong iyon, na hindi hihigit sa anim na buwan, na ginagamit ang metro.

6.35.090 Mga di-nagrerehistrong metro.

Kung ang isang metro ay natagpuang di-nagrerehistro, ang mga singilin para sa serbisyo ay dapat ibatay sa tinantyang pagkonsumo. Ang nasabing mga pagtanta ay gagawin mula sa nakaraang pagkonsumo para sa maihahambing na panahon o ng iba pang pamamaraan na tutukuyin ng distrito, at ang pagpapasya nito ay magiging pinal.

Chapter 6.40, PAGPAPATIGIL DAHIL SA DI-PAGBABAYAD

6.40.010 Pagpapatigil dahil sa di-pagbabayad.

Kung ang isang bayarin ay delingkwente nang 60 na araw ng kalendaryo o higit pa, ang serbisyo ng tubig ay maaaring itigil ng distrito. Hindi ititigil ng distrito ang serbisyo ng tubig sa anumang Sabado, Linggo, pista opisyal, o sa anumang panahon kung saan ang mga tanggapan ng negosyo ng Distrito ay hindi bukas sa publiko.

6.40.020 Mga pamamaraan sa pagreklamo para sa pagpapatigil.

Ang pagpapatigil ng serbisyo para sa di-pagbabayad ng mga bayarin o para sa paglabag sa alinman sa mga patakarán, regulasyon, ordinansa o resolusyon ng distrito ay napapailalim sa mga pamamaraan ng pagreklamo na tinukoy sa Kabanata 6.35 HDWD District Code.

6.40.030 Pagtangi o pagpapabaya sa pagbayad ng utang.

Ang anumang halaga na dapat bayaran ay utang sa distrito at ang sinumang tao, kumpanya o korporasyon na nabigo, nagpapabaya, o tumanggap magbayad ng utang na ito ay maaaring sumailalim sa isang kilos sibil para sa halagang dapat bayaran sa isang hukumang may karampatang hurisdiksyon.

6.40.040 Lien sa pag-aari para sa di-pagbabayad.

Ang anumang hindi bayad na utang na kung saan ang may-ari ng ari-arian ay may pananagutan ay magiging isang lien laban sa tunay na ari-arian na kung saan ang serbisyo ay ibinigay gaya ng tinukoy dito at sa California Water Code Seksyon 31701.5 at mga sumusunod dito.

6.40.050 Mga singilin sa serbisyo para sa mga paglabag.

Kung ang serbisyo ng tubig ay itinigil dahil sa paglabag sa alinman sa mga panuntunan, regulasyon, resolusyon o ordinansa ng distrito, ang serbisyo ay hindi maibabalik hanggang sa maiwasto ang mga paglabag at mabayaran ang lahat ng naaangkop na mga singilin sa serbisyo at bayarin na nakasaad dito.

6.40.060 Bahagyang pagbabayad.

Ang isang bahagyang pagbabayad ng isang delingkwenteng account ay maaaring tangapin at ma-kredito sa account ng isang kostumer, ngunit ang nasabing bahagyang pagbabayad ay hindi magiging dahilan para maalis ang account mula sa delingkwenteng kalagayan at hindi mapipigilan ang pagpapatigil ng metro dahil sa pagiging delingkwente.

6.40.070 Awtorisasyon para sa pagpapatigil ng serbisyo para sa mga delingkwenteng account.

Ang pangkalahatang tagapamahala, o isang kinatawan, ay maaaring magpahintulot sa pagpapatuloy ng serbisyo sa isang delingkwenteng account kung ang mga kaayusan sa pagbabayad na kasiya-siya sa distrito ay nagawa.

6.40.080 Espesyal na mga kalagayang medikal at pinansyal.

Hindi ititigil ng distrito ang serbisyo ng tubig ng tirahan kung ang lahat ng mga sumusunod na kundisyon ay natutugunan:

(a) Ang kostumer o ang isang nangungupahan na nakatira sa address ng serbisyo ay nagsumite ng patunay mula sa isang lesinsiyadong pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga (primary care provider) na ang pagpapatigil sa serbisyo sa tubig ay magiging banta sa buhay ng, o magdudulot ng malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente ng tirahan;

(b) Ipinakita ng kostumer na wala siyang kakayahang magbayad sa loob ng normal na ikot ng pagsingil. Ang kostumer ay itinuturing na walang kakayahang pinansyal upang magbayad sa panahon ng normal na ikot ng pagsingil kung: (1) alinman

ang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o (2) ang customer ay nagpahayag sa ilalim ng parusa ng perjury o sadyang pagsisinungaling na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento ng antas ng kahirapang pederal; at

(c) Ang kostumer ay handang pumasok sa isang alternatibong pagsasaayos ng pagbayad, kabilang ang isang pagpapalawig, amortisasyon, o iskedyul ng alternatibong pagbabayad patungkol sa mga delingkwenteng bayarin.

Para sa mga customer na makakatugon sa lahat ng mga kundisyon sa itaas, ang distrito ay mag-aalok sa kostumer ng isa sa mga sumusunod na opsyon, na pipiliin ng distrito ayon sa pagpapasya nito: (1) isang pagpapalawig; (2) amortisasyon ng di-nabayarang balanse; o (3) isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad. Ang tagapamahalang pangkalahatan o ang kanyang kinatawan ay pipili ng pinaka-angkop na kaayusan ng pagbayad, na isinasaalang-alang ang impormasyon at dokumentasyon na ibinigay ng kostumer, pati na rin ang mga pangangailangan sa pagbabayad ng distrito. Ang pangkalahatang tagapamahala o ang kanyang kinatawan, sa kanilang makatuwirang paghuhusga, ay maaaring magpahintulot ng mas matagal na termino upang maiwasan ang hindi nararapat na pahirap sa kostumer.

Ang kostumer ay responsable para sa pagpapakita na ang mga kundisyon sa itaas ay nakamit. Kapag natanggap na ang dokumentasyon mula sa kostumer, susuriin ng distrito ang dokumentasyon sa loob ng 7 na araw ng kalendaryo at: (1) abisuhan ang kostumer tungkol sa alternatibong kaayusan ng pagbayad na pinili ng distrito at hihilingin sa kostumer ang nilagdaang pagpayag upang lumahok sa alternatibong kaayusan iyon; (2) humiling ng karagdagang impormasyon mula sa kostumer; o (3) abisuhan ang kostumer na hindi niya nakamit ang mga kinakailangang kundisyon.

Maaaring itigil ng distrito ang serbisyo ng tubig kung ang isang kostumer na nabigyan ng alternatibong pag-aayos ng pagbabayad sa ilalim ng seksyong ito ay nabigo na sumunod sa alternatibong pag-aayos ng pagbabayad sa loob ng 60 na araw ng kalendaryo o nabigong mabayaran ang kanyang kasalukuyang mga bayarin para sa serbisyo ng tubig sa loob ng 60 na araw ng kalendaryo. Ang distrito ay magpapaskil ng isang pangwakas na abiso ng hangaring putulin ang serbisyo sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo bago itigil ang serbisyo. Ang pangwakas na abiso ay hindi magbibigay sa kostumer ng anumang imbestigasyon o pagsusuri ng distrito.

6.40.090 Mga limitasyon sa bayarin sa pagrekonekta.

Para sa mga kostumer na naninirahan na nagpapakita ng kita ng sambahayan na mas mababa sa 200 porsyento ng pederal na linya ng kahirapan, ang distrito ay maglilimita sa mga bayarin sa pagrekonekta sa mga normal na oras ng negosyo sa limampung dolyar (\$50), at sa mga oras na hindi pangnegosyo sa isang daan at limampung dolyar (\$150). Ang mga limitasyon ay ilalapat lamang kung ang mga aktwal na bayarin sa muling pagkonekta ng distrito ay hihigit sa mga halagang ito. Ang mga limitasyong ito ay napapailalim sa isang taunang pagsasaayos batay sa index ng presyo ng mamimili para sa rehiyon ng Riverside-San Bernardino-Ontario simula Enero 1, 2021. Ang halaga ng kasalukuyang bayad sa pagrekonekta para sa normal at pagkatapos na oras ay kasama sa Seksyon 6.15.040, at 6.15.050, ayon sa pagkakabanggit.

Ituturing ng distrito ang isang kostumer ng tirahan na may kita sa sambahayan na mas mababa sa 200 porsyento ng pederal na linya ng kahirapan kung: (a) ang sinumang miyembro ng sambahayan na kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o (b) ang customer ay nagpahayag sa ilalim ng parusa ng perjury o sadyang pagsisinungaling na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento ng antas ng kahirapang pederal.

6.40.100 Muling pagbabalik ng serbisyo.

Upang maibalik ang serbisyo na itinigil para sa di-pagbabayad, kailangang magbayad ang kostumer ng anumang mga bayarin sa pagpapatigil; anumang kasalukuyang at nakaraang mga bayarin sa pagsingil ng tubig kasama ang interes o multa; anumang bayarin sa pagrekonekta, na napapailalim sa mga limitasyon sa Seksyon 6.15.050; at isang garantiyang deposito kung kinakailangan ng distrito. Sisikapin ng distrito na muling maiblaik ang serbisyo sa lalong madaling panahon ngunit, sa pinakamatagal, ay ibabalik ang serbisyo bago matapos ang susunod na regular na araw ng pagtatrabaho matapos ang pagbabayad ayon sa kinakailangan sa seksyong ito. Water service that is turned on by any person other than the District personnel or without district authorization may result in damage to district facilities and result in additional charges or fees. Ang anumang mga pinsala na nangyari bilang resulta ng di-awtorisadong pagpapanumbalik ng serbisyo ay responsibilidad ng customer o ng may-ari ng ari-arian at ang serbisyo ay hindi maibabalik hanggang sa mabayaran ang mga nasabing pinsala.

6.40.105 Muling pagbabalik ng serbisyo pagkatapos ng oras ng negosyo.

Ang serbisyonang ibinalik sa kahilingan ng kostumer pagkatapos ng 5:00 pm mula Lunes hanggang Huwebes, anumang oras sa Biyernes, katapusan ng linggo, o pista opisyal ay sisingilin ng isang bayarin sa pagrekonekta matapos ang normal na oras, na napapailalim sa mga limitasyon sa Seksyon 6.15.050. Ang serbisyo ay hindi maibabalik pagkatapos ng mga regular na oras ng negosyo maliban kung naipaalam sa kostumer ang kaalaman tungkol sa bayarin sa pagrekonekta matapos ang normal na oras at lumagda ng isang kasunduan na sumasang-ayon sa bayarin at sumasang-ayon na makipag-ugnayan sa distrito nang hindi lalampas sa 7:30 ng umaga ng sumunod na araw ng negosyo upang mabayaran ang tinukoy na bayarin. Ang bayarin sa pagrekonekta matapos ang normal na oras ay kailangang mabayaran sa panahon na hiniling kung ginawa sa tanggapan, o hanggang sa 7:30 am ng susunod na araw ng negosyo kung hiniling matapos ang regular na mga oras ng trabaho, at hindi maaaring bayaran sa hinaharap bilang bahagi ng pag-aayos ng pagbabayad. Ang mga kawani ng distrito na nagreresponde sa mga tawag ng serbisyo ay hindi pinapayagang kumolekta ng bayarin subalit ipapaalam sa kostumer na makipag-ugnayan sa distrito bago ang 7:30 am ng susunod na araw ng negosyo. Ang mga serbisyo na may metro ng tubig na tinanggal ay hindi maaaring maibalik matapos ang normal na mga oras.

Kung minsan ay itinitigil ang serbisyo ng tubig dahil ang serbisyo ay para sa bagong account at ang distrito ay hindi pa nakakatanggap ng hiling na itatag ang serbisyo mula sa bagong may hawak ng account. Kung ang serbisyo ay ibinabalik matapos ang regular na oras ng negosyo dahil ang kostumer ay hindi pa nakapagtatag ng isang account, ang kostumer ay dapat sumang-ayon na makipag-ugnayan sa distrito bago ang 7:30 ng umaga sa susunod na araw ng negosyo upang maitaguyod ang serbisyo sa pamamagitan ng pagkumpleto ng papeles ng aplikasyon sa account sa tubig at pagbabayad ng mga bayarin para sa bagong account at bayarin sa pagbalik ng serbisyo pagkatapos ng normal na oras. Kung hindi, ang serbisyo ng tubig ay ititigil sa 12:00 pm sa parehong araw.

Ang serbisyo na naibalik pagkatapos ang regular na oras ng negosyo sa kahilingan ng kostumer ay ititigil nang walang karagdagan abiso kung ang kostumer ay nabigong mag-follow-up sa tanggapan ng Distrito sa ganap na 7:30 am sa sumunod na araw ng negosyo, gaya ng ipinangako na gagawin ng kostumer kapag lumagda at sumang-ayon sa pagbabalik matapos ang normal na oras.

6.40.110 Mga katanungan at tulong.

Para sa mga katanungan o tulong tungkol sa bayarin sa tubig o pagiwas sa pagpapatigil, maaaring makipag-ugnayan sa kawani ng Customer Service ng distrito sa (760) 365-8333. Maaari ring bisitahin ng mga kostumer ang tanggapan ng distrito nang personal sa mga regular na oras ng negosyo.

6.40.115 Patakaran sa pagpapatigil ng serbisyo ng tubig; kopya ng patakaran.

Ang mga Kabanata 6.05, 6.35, at 6.40 ay bubuo ng "patakaran sa pagpapatigil ng serbisyo ng tubig" ng distrito, tulad ng kinakailangan sa ilalim ng seksyon 116906 ng California Health & Safety Code. Kung hindi ma-akses ng customer ang kopya ng patakaran sa website ng distrito, mag-iemail ang distrito ng isang kopya ng patakaran o maglalagay ng kopya ng patakaran sa tanggapan ng distrito nang walang bayad kapag hiniling. Kung ang isang kostumer ay humiling na magpadala ng kopya, ang distrito ay maniningil para sa serbisyo ng pagpapadala ngunit hindi para sa dokumento.

6.40.120 Taunang Pag-uulat.

Ang bilang ng mga taunang pagpapatigil ng serbisyo ng tubig para sa di-pagbabayad ay iuulat sa website ng distrito at iuulat din sa State Water Resources Control Board.